

MISSING PAGE/PAGES

SA sa lalong mahahalagang bagay sa pagsisikap ng isang bansa ang ukol sa pag-unlad ng kabataang nag-a-ral; dahil sa kahalagang iyan ay dapat magtulung-tulong ang lahat upang madali ang paglutas ng mga suliraning likha ng nakaraang digmaan.

Maraming bagay ang makilutas ng samahan ng mga magulang at mga guro. Noong bago magkaidigma ay maraming paaralan ang mayroon niya. Ngayon, ay tila naliligtaan ng mga kinakainibang mairalulot ng tinurang samahan. Mungilan-ugilan lamang sa mga paaralan at ito'y sa lalong pa—ang nalalaman nanging may kilusan na ukol dito.

Iminungkahing nga namin na wating buhayin ang lahat ng mga samahan ng mga magulang at mga guro sa iba't ibang paaralan upang malinasan ang maraming bagay-bagay na naghihintay ng kalutasan.

Pinapansin ng ilan ang aming mga larawan at mga lathalain ukol sa mga artista.

Maaring nasa matuwid ang gayong puna.

Ngunit nais din naming malaman ang dahilan ng mandiy masanang pagkakilala sa ating mga artista.

Kung totoo na sila'y hindi karapat-dapat sa mga dahon ng mga pahayagan at mga magasin, kung nakasisirang-puri ang kailang mga larawan—kailan at sino ang hihintayin natin, upang sila'y matasa sa dapat nilang kalagayan at nang sa gayo'y maging kamurihan ng ating lahi?

Hanggang ngayon, ay wala kaming inilalabas na larawang pangit tingnan. Walang larawan ng sinumang artista na humabas sa aming mga dahon, na ang katawan ay "nakabilad."

Wala din naman kaming lathalang masasabing "malaswa, o mapaghatid-dumapit" kaya.

Makwano ang aming layunin; natinis na dulaan at aliwana. At ito'y susasakop sa lahat ng alagad ng sining o arte.

Kami'y nagpapasalamat sa mga pumapansin sa amin—sagpak't maari din naman kaming makilimat.

Ngunit hindi namin nalilimutan—at hindi namin maaring malimutan—na kami'y "Babasahin ng Mag-anak"

Lahat ng bagay na hindi makabubuti sa mag-anak—lalo na sa kabataan—ay indinang-hindi namin maaring itulot na makahulot sa aming mga pitak.

Marahil, ang nakalilimat ay ang mga hindi-ukol namin. Nalilimutan nilang kami'y hindi na "magasing pampelikula" lamang.

Ang Sinag-tala ay hindi pang-alwano lamang; ito'y pansining at pampawalan pa rin.

-C. D. M.

Sinag-tala

"Ang Babasahin ng Mag-anak"

Inilalathala ng National Printing Co.

CLOPUALDO DEL MUNDO

Patnugot

JOSE FERNANDEZ ZORRILLA

Tayagpangasinan

MAR. S. TORRES

Tayagpamalakang Patnugot

CARLOS ACUSA

Tayagpamahala ng Ananito

Dumarating Ang Umaga

* 1896

Ang sanggol na dati ay iyak-iyak, naging isang mutyang maganda't marias; Sa sama ng pari ay kanyang tinupad, ang utos ng kalmen at dasalang aklat— Sumpulng ang bunga ng isang paglilagay, ang katotohanan ng mali'y nablad: Dumaan ang gabi ng takot at sindak, Tinangisan niya ang bangkay ng anak. Salamat! dumating ang may pusong (apat, umakay sa kanya sa tuwid na landas! (O! ang buhay paang sa dilim masadlak, bahid ng umaga'y ga-mundo nang galak!)

* 1935

Ang daley ng buhay sa kanya'y ngumiti, Aklat ng kahapo'y dahon nang nalupi; Ang lantang halama'y nanariwang mull, gubat, parang, bukid ay ganap nang lungti. At ang anak niyang bumangong punyagi, Ang laya ng ina ang unang miniti. Si Quezon ay moog, tatak ng lunggating bumuhay sa isang pag-asa nang sawi. Noo'y dumating na ang mga sandallin, ang sandaling laya'y ipinagbubunyi! (O, dilim ng gabing lipos ng pighati, —ang sikat ng araw ay nagmamadali!)

(Buklatin sa pahina 18)

ANG TATLONG LAYUNIN NG SINAG-TALA

Una: Tumulong sa pagbuo ng isang malakas na damdaming-bayan na callagan sa kabuhayang pambansa.

Ikalawa: Itaguyod ang malinis at mabuting aliwang matatagpuan sa mga dulaan at mga babasahin.

Ikatlo: Makilala sa mga guro sa ikagaganan ng pag-aaral ng kabatang Pilipino, lalo na hinggil sa wikang pambansa.

HALAGA NG SUSKRISYON

Sa pamamagitan ng koreo ay maari nang sumuskribe ang sinuman, sa pamamagitan ng pagasadya sa aming tanggapan o dili kaya'y magpadala ng kaukulang halaga sa pamamagitan ng hiro postal.

Isang taon	P15.00
Ahul na buwan	F 7.50
Tatlong buwan	F 3.75

Ang maaring tanggapan ay yaon lamang mga suskrisiyon mula sa mga lalawigan o bayang may bukas na tanggapan ng koreo. Mayroon din kaming mga tanging halaga sa mga nag-aaral at sa mga guro. Magasadya sa aming tanggapan ukol sa mga tanging halaga na ikakalook lamang sa mga nag-aaral.

Ang SINAG-TALA ay inilalathala tuwing ika-10, 20 at 30 ng bawat buwan ng National Printing Co. Tayagpangasinan at pamamagitan: 218 Leonora, Manila. Halaga ng isang taon, 50 sentimo. Ang mga pendula panghalaga ay hindi mabibilang kung indang taon na sobrang mayapat na selso. Ang muling pag-iimbog ng mga nilalaman dito'y hindi magpapalitan ng mga nilalang na magiging bahidulot. Nagkarap na ng kahilingan upang matatala sa koreo bilang pangkasaysayan ng isang buwan ng Oktubre, 1945, ng tanongpang ng koreo sa Manila.



May Uod ANG BULAKLAK

Mapang-akit Sa Paningin At Masamyong
Langhapin Ang Isang Bulaklak — Nguni't
Sa Ubod Ay Maaari Nga Namang May Uod

trak at ang isa ay napasalagmak sa ibaba. Nagkawatanan sila.

Pagdating ni Serafin sa bahay ay naligo agad. Pagkatapos ay nagbihis. Madaling nagbihis. Nagmadali ring nanaog. Humahagibis na lumalakad at nang dumating sa daanan ng mga sasakyan ay sumakay sa unang dumating na sasakyan.

Bumaba siya sa Plasa Santa Cruz at tinungo ang Abenida Rizal. Tumingin sa loob ng maandaang restoran. Bawa't restaurant mapukulan ng kanyang dalawang mata ay halos puno sa tao. Ayaw niyang pumasok sa restaurant maraming tao.

Malapit na siya sa Azcarraga nang makakita siya ng restaurang lilan lamang ang na sa loob na taong kumakain, at ang iba ay hindi pa kumakain kundi nakikipagkalagayuan lamang. Pumasok siya at naupo sa harap ng isang mesang walang nakaupo. Lumapit agad sa kanya ang isang waitress at inilagay sa kanyang harapan ang kapirasong papel. Dinampot niya ito saka binasa.

Kalahating manok na pinirito, beefsteak, tinapay at kape ang kanyang masayang hiningi sa naghihintay na dalaga. Nang tumalok na sa kanya ang dalaga upang kunin sa loob ang kanyang hiningi, pingala ang kanyang dalawang mata. Sa dakong kanan niya ay may dalawang puti na tatlong waitress ang kawatanan. Sa me-

sa ng na sulok sa kanyang kaliwa ay may isang nakaternong kaki na hindi naman kawal ang masin-sinang nakikipag-usap sa isang may magagandang mata. Ganyan ang buhay, ang wika ni Serafin.

Hindi napuna ni Serafin ang katagalan ng kanyang paghihintay sa kanyang hininging pagkain. Nang ilapag na ng dalaga ang mga pinggan ng pagkain ay nakangiti si Serafin. Naupo sa harapan ni Serafin ang dalaga pagkatapos na maihanda niya ang lahat ng kailangan ni Serafin.

"Saluhan mo ako," ang wika ni Serafin.

"Salamat," ang wika ng dalaga. Nagpatuloy si Serafin sa pagkain. Nakatingin sa mukha ni Serafin ang dalaga. May binabasa ang dalaga sa mukha ni Serafin.

"Ano ba ang tawag sa iyo?" ang tanong ni Serafin.

"Dely," ang tugon ng dalaga.

"Taga saan ka ba?" ang tanong ni Serafin.

"Kay dami mo namang tinatannong," ang sagot ni Dely.

"Iyon lang nagalit ka na," ang wika ni Serafin.

"Mangyari, baka mamaya'y iisang mo sa akin kung taga saan ang aking mga tatay, nanay, lolo at lola," ang wika ni Dely na bahagyang nangungut ng noo.

"Lalo kang gumaganda, Dely, kung napopoot ka," ang wika ni Serafin.

Bumaling kay Serafin ang dalawang mata ni Dely. Nagtagis at kanilang mga titig.

"Dely, ang lahat sa iyo ay gandanghan," ang wika ni Serafin.

Natawa si Dely.

"Maganda kang tatawa," ang wika ni Serafin.

"Talaga kayong mga lalaki," ang wika ni Dely na umiling.

"Nagiging matino kung ang kasap ay maganda," ang pakli ni Serafin.

Natawa si Dely.

Nangiti si Serafin.

Nagmata ang kanilang mga mata.

Katahimikan.

"Dely," ang wika ni Serafin.

"Dely," ang ulit ni Serafin.

"O," ang walang bahalang sagot ni Dely.

"Maaari bang maisama ka sa 'nite club'?" ang wika ni Serafin.

Natawa si Dely.

"Maaari ba," ang ulit ni Serafin.

"Kinalulungkot ko," ang wika ni Dely. "Kailanman ay hindi pa

(Buklatin sa pahina 6)

KINAPA ni Serafin ang kanyang bula. Nadama niya ang malaking balumbon ng salaping papel. Nasiyahan siya—kasiyahan na marahil ay ngayon lamang niya nadama.

Hindi naman kalakihang halaga —apat na pu't dalawang piso lamang—nguni't sa isang tulad niya ang halagang iyan ay isa nang naman. Iya'y sahod niya sa labnilang araw.

Ipinukol ni Serafin sa malayo ang kanyang dalawang paningin at pinakawalan ang kanyang pag-iisip. Nasisiyahan siya sa buhay.

Apat-na-pu't dalawang piso. Kinapa ang kanyang kanang bula. Gumuhit sa kanyang labi ang isang nakaalingit na ngiti.

Ubosin niya ang kanyang yamang yaon mamayang gabi. Magpapakalasing siya sa aliw. Hindi pa niya nararanasan ang malasing sa aliw. May nalalasing nga kaya sa aliw? Kung wala, siya, si Serafin ay magpapakalasing sa aliw.

Biglang napatigil ang kanilang trak. Malakas siyang napahampas sa isang tabi ng trak. Gayundin ang kanyang dalawang kasama na malakas na napahampas sa tabi ng

Narito na . . .



Ang Produkto ng

Pagpapaganda ni

* MERLE NORMAN

na siyang pamalagang ginagamit noon pa mang bago nagkadigma, ng mga itaw na labalabitan sa Manila Hotel, Beauty Shop. Ngayon ay narito na ang tulug upang mailalaki sa mga na babaitan, ang bagay na sadayang naukol sa kanila—ang Karikatin!

Ang Merle Norman gold cream powder rouge, lipstick, elegance at lily van ay siya niyong tangatang kailangan upang kantang muli ang iyo pangkati!

Hingin sa mga tagapanahin ang Merle Norman

Sole Distributor in the Philippines

ISIP BROS CO., INC.
448 Juan Luna

Different Media of Advertising for the hundreds of
New Products that start pouring into the Islands . . .

"GO OUTDOORS"

Manalang

GENERAL ADVERTISING AGENCY

corner—Sales & Ronquillo

BUHAY O PATAY SI ESTER MAGALONA?

Ang Inyong Kinagigiliwang Bituin Ay Nabalitang Pinaglahuan Na Ng Ningning Ngunit Ngayon Ay—Narito Ang Ulat.

A YON sa mga baltang dumating sa amin, si Ester Magalona ay patay. Dagdag sa baltang iyon, si Ester Magalona daw, samantalang patungo sa Cagayan ay dinakip ng mga hapones at siya'y ikinulong sa himpilan ng mga iyon. Diumano'y sinaksak pa raw si Ester ng bayoneta bago sinunog ang kanyang kinalalagyan. Ang kanyang asawa at mga kahanggan ay walang malnaw na ulat na mapanghawakan sa kinalalagyan ngayon. Ayon pa rin sa balita ng nakakita kay Ester sa Bayumbong, huling bayang tinigilan niya, ang marilag na bituin ay tiyak nang hindi sisikat, sapagka't sa pangkat ng mga taong nakasama niya sa lakaran ay lilan lamang ang nakaligtas sa kuko ng mga mababangis na halimaw.

Kung nagugmita pa ninyo, ang huling palabas-dulaan na ginampanan ni Ester Magalona, katambal ni Domingo Principe ay ang "Hoy, Sergeant!". Ang palabas na iyon ay ala-alang iniwani ni Ester sa kanyang mga tagahanga at naging huling bakas ng kanyang buhay-dalaga.

Ilang araw, pagkatapos ng palabas na iyon, si Ester Magalona ay nakipagisang-puso kay Dolly Gomez, isang binatang kilala at tanyag sa Ipinan. Iyo'y naganap noong buwan ng Mayo ng 1944. Sa gitna ng kahirapan at maculit-raning buhay sa lungsood, ang mga bagong kasal ay nagkaisang umuwi sa lalawigan. Ngunit bago natupad ang paglayo nila sa Maynila ay kinalinglang muna ang ganap na paghahanda.

Hindi lamang sila ang patungo sa lalawigan. Maging ang kaniilang mga kahanggan, sa panig ni Ester at sa panig ni Dolly Gomez, ay nahikayat na ring sumama, sa hangad umiwas sa malulupit na mga hapones at isa pa'y nakatiyak sila sa panatag na kabuhayan.

Lubusang natupad ang gayong balak nang sumapit ang lalong

mahihigpit na sandali sa Maynila at sa mga unang araw ng Disyembre ng 1944, si Ester at Dolly, kasama ang kaniilang mga magulang ay nagtungo sa siyudad ng Baguio.

Subali't maging sa bulubunduking iyon, ang buhay ay tila walang kapanatagan. Doon ma'y dumagsa rin ang maraming mga hapones. Doon ma'y naghahari din ang k asalatan sa pagkain, ang mga kalupitan at pagmamalabis ng mga hapones sa mga mamamayan, kaya sila Ester, pagkatapos ng isang buwang pamamalaki doon ay muling lumakad na patungo sa bayan ni Dolly Gomez, sa Echague, Cagayan.

Ang bagong-taon ng 1945 ay sinalubong nila sa lalawigan ng Cagayan. Samantalang ng panahong iyon ay dala-dala na ni Ester sa kanyang sinapupunan ang unang bunga ng kaniilang pagmamahalalan ni Dolly Gomez.

Nahihirapan man ay buo pa rin ang loob ni Ester sa kaniilang paglakad. Dumaraan ang gabi ay parang walang anumang sa kanila. Malimit siyang maramdam ng paghihina, ngunit'ng ang mumunting karamdamang iyon ay hindi na niya pinapansin. Ang lalong mahalaga sa kanila ay sapitin ang sariling bayan ng kanyang minamahal. Ang ilaw sa gayong lunggati ay ang bunga ng pag-ibig na nasa kanyang sinapupunan, ang buhay ng kanyang kabayak at ang kaligtasan nilang lahat. Magtatapos na ang buwan ng Enero ng 1945 nang sapitin nila ang Echague, Cagayan.

Ngunit' maging doon ay nakita nilang ang buhay ay lalong dumidilim. Hanggang doon ay tila may pagsuhat at katampalasanang ginagawa ang mga hapones. Ilang



SI ESTER MAGALONA (nasa gitnang pabalit) at sa pang kahitang halarawan kaila ni Marilou. Ang isa sa mga huling labas niya sa "Hoy, Sergeant".

araw lamang ay nakita nilang sunod-sunod ang dating ng mga halimaw. Kaya upang makatiyak ng mabuti-buting pook ay sinimulan na naman nilang lumayo sa pook na iyon.

Nagsimula silang nagpalipatlipat sa iba-ibang bayan ng Cagayan. Nang lumao'y sa mga baryo. Si Ester, dalilan sa kanyang kalagayan, ay malimit-isakay ni Dolly sa mga kareta, sa push-cart, sa kalabaw at kung ano-ano pang sasakyang maaring makatulong kay Ester.

Sa isang dako'y wala silang tinatanggap na balita sa kaniilang pinanggagalangan. Hindi nila alam ang paglunsad ng mga kawal Amerikano sa Lingayen, ang pagkuha sa Maynila, sa Bataan at Corregidor at kung saan-saan pa. Sila'y nabubuhay sa awa't tulong ng mga

tao sa mga pook na kaniilang kinaronatan at higit doo'y sa tangkilik ng lalong Makapangyarihan, ng Diyos!

Upang umiwas pa rin sa pang-nib, sina Ester ay nagpatuloy ng paglakad. Ang balita na rin at ang katotohanan ng mga baltang iyon ang nagtaboy sa kanila hanggang sa liblib na kaparangan ng Cagayan. At noong ika12 ng Pebrero ng 1945, si Ester Magalona ay naging isang tunay na ina.

Nang isilang sa maliwanag ang bata ay patay. Sahol sa anumang kamagitan, walang doktor o hilot, maliban sa isang nars na kasama

(Buklatin sa pahina 10)

Mataas na Uri!

RICO

★ LAUNDRY SOAP

672 YLAYA

For Satisfaction see

★ **TODAY'S FASHION** ★

TAILORS — HABERDASHERS AND
MIA'S DRY GOODS STORE
649 QUEZON BLVD.

May Uod Ang Bulaklak

(Karugtong ng nasa pahina 4)

ako sumasama sa 'nite club."

"Kaya," ang wika ni Serafin.
"Kung itong naglilingkod lamang kami sa isang restauran ay masama na ang pagkakilala sa amin, e, makita pa kami sa "nite club."

"Pabayasan mo sila. Huwag mo silang intindihin. Kung ikaw'y wala ay hindi ka naman nila mabibigyan."

"Kung hindi nga lang ba sa hangad kong mabuhay at buhayin ang saking ina at dalawang kapatid," ang wika ni Dely. "Kung sa army naman, walang mangyayari sa iyo."

"Siya nga," ang wika ni Serafin. "Ang tao nga naman kung humatol sa kanyang kapwa," ang wika ni Dely. "Bakit, kahit na ba ako ay waitress, e, huwag lang skong gumawa ng masama, e, ano."

"Siya nga. Sumama ka man ba sa nite club, e, kung hindi ka naman gumagawa ng masama, e," ang wika ni Serafin.

"Kahit na," ang wika ni Dely. "mabuti na rin ang lumigpit ako ng konti."

Napababa ang kanyang dalawang mata. Nahantad sa kanya ang dibdib ni Dely. Maputing tila kanya. Manipis ang balat na tila sutla. At ang dalawang tila mura tung buko ng niyog sa dibdib niya ay... kanasa-nasa.

Biglang nag-alimpuyo ang damdamin ni Serafin. Nag-init ang kanyang buong katawan. Sa kanyang dalawang mata ay nakadugang ang piniligil niyang pagmasana.

Napagod na ang mga mata ni Dely sa pagtingin sa may pintuan. Napatingin siya kay Serafin. Nahuli niya ang dalawang mata ni Serafin na hinansakw ang kagandahan ng kanyang dibdib.

Iniligtip ni Dely ang mga pinggan at pumasok sa pintong makitid. Nang siya'y magbalik, inabot sa kanya ni Serafin ang isang sampunin. Lumapit si Dely sa kahers, nagbayad at ang sukli ay ibinigay kay Serafin. Isang dada-lawahin ang inabot ni Serafin sa dalaga.

"Salamat," ang wika ni Dely. Napangiti si Serafin. Nasabit na naman sa dibdib ni Dely ang kan-

yang dalawang mata. Nananahik na tingin ang iniwang niya sa dibdib ni Dely bago siya tumalikod at lumakad na palahas. Dahan-dahan siyang naglakad...

Naisip niya: si Dely ay anak marahil ng isang tsuper, ng isang magbubuhay, ng isang karpintero, ng isang kutsero, ng isang...

Natuwa siya. Hindi na malalamau sa kanilang nayon na si Dely ay isang waitress. Magiging hantungan siya ng pagkaingit ng kanyang mga kababata sa kanilang nayon. Maipagmamalaki niya si Dely, sa kanila, sa lahat.

Ang biglang hampas sa bombo at malakas na angal ng saksopon ay gumulat sa naanod na diwa ni Serafin. Napatingin siya sa kanyang nilalakaran. Na sa Eskolta pala siya.

Pumasok siya sa isang club na nakita niyang maayos. Isa na namang magandang babae ang lumapit sa kanya. Humingi siya ng ice cream at shrimp sandwich.

Pinagala-ang kanyang mata. Sa dako rono ay nakita niya ang tatlong itim na katalamitan ng apat na babae. Sa may kaliwa niya ay naroon naman ang dalawang puti na nakikipagkalaguyan sa dalawang bakaeng magaganda. Sa dako kanan niya ay isang babae naman ang nakikipagtawanan sa dalawang puti.

Saan man niya idako ang kanyang mata ang nakikita niya'y babae at lalake. Nagsusuyuan. Naglalambingan. Nagtawanan.

Siya lamang ang nag-isa. Ang babaeng nagbigay sa kanyang hihihingi ay umupo sa umpok. Makikinig na lamang siya ng tugtog at manonood ng sayaw. Makikitawa na lamang siya.

Patuloy siya sa pagmamasiid sa kanyang paligid. Nakikita niya ang mga nagasaway na tila nagtitimplakan. Hindi siya marunong ng gayong sayaw. Kahit na, kung si Dely ay kasama niya ay na sa gitna rin siya ng bulwagang yaon...

Mabuti na ngang hindi niya kasama si Dely, ang wika niya. Mabuti nga't hindi nagpupunta si Dely sa mga nite club.

Sa likura'y narinig niya ang ka-

(Buklatin sa pahina 10)

BATAAN

Gula ni

ANICETO F. SILVESTRE

Sa Silangang Asya, nang magkadigmaan,

Itong Pilipinas ay naging lerangan.

Mgo pilipino

At amerikano

Na nagsisimulang bumuo ng isang tanggulan sa dahas

Ay nangpipilan ng mga hapones na dito'y lumunsad:

Kaya napilitang magtipon sa isang pook na matatag

At doon tubos ang nalalabi pang tapang, sigla't lakas.

Yao'y isang ungo

Sa baybay ng lok—

Ang hindi-kilala't inunting lalawigan

Nanangangang-puri: iya'y ang Bataan.

Ang dating lahimi

At walong-ligalig

Ay nagling himpilan ng mga sandata

At nagtig taguan ng nangagbabaka:

Nawala sa bukid ang nangagsasaka

At bakas ng kawal ang nangekikita.

Mga ibo't hayop

Ay nangabalag:

Pati magbubukid, ang dampa'y nilisang ang puso'y may sugat.

Akay ang kalabaw, anak ay lakabit, ang haluta'y hawak:

Iyaka't sigawan ng baba't bata sa hangos na lakad,

Nankikiugali sa mga putukang nagsala-salabat.

Buhat sa itans, buhat sa itaba,

Kapal ng kalaba'y nakapanalata:

Nasunog ang gubat, ang kuta'y nagiba,

Pagka'y naubos, nabildad ang madla,

Kung kaya nakulong

Ang imo't nagtungol.

Nguni't ang lumusob ay nagbuwis muna ng tala-talaksan

Bago nasasuko yaong munting hukbo ng kabayanihan.

Yao'y nakasapat

Na maipagtatag

Ng tunay na hukhong panalaban ng lahing tunay na kalaban.

Kaya sa daigdig, naisigaw tuloy: "Salamat, Bataan!"

Sa utos ng puno.

Ang hukbo'y sumuko.

Humanny ang kawal na mga salanta sa gutom at sakit.

Inakyat ang bundok, binagtas ang parang, ilog ay tinawid.

Yon ang paradang pulos na daingan ang mga ninang.

Yon ang prusisyon ng mga buhay ma'y bangkay nang malamig.

N-un't doo'y buhay

Ang sa lahing dangal.

Ang kabayanihan ay muling nag-usbong

At lungkurang man ay nagbihin rono.

Ditilile na duco, langit ang umampong.

Naning sa daigdig sa habang panahon.

VICTORY SUPPLY

1127 Rizal Ave., Manila

"Tuguhang Tagalog—Tangkilikin Natin"

Nagbibili Ng Mga Sunusund:

- * Hardware & Tools
- * Paints
- * Electrical Supplies
- * Plumbing Materials
- * Trucks & Autos
- * Spare Parts, Etc.

MURANG-MURA!!

LIBERTY AUTO SUPPLY

638 Juan Luna

Nagbibili kami ng mga piyesa ng auto at trat at iba pang kagamitan sa mababang halaga

Maikling Kuwento ni
Rosario Tuazon-Baluyot

SANG dapit-hapon, nang pa-uwi na si Rita buhat sa kabayanan, ay nasalubong niya isang makisig na binata.

"Hello..."
"Hello, Joe..."
Iyan ang kanilang naging bati-an. Isang kawal na Amerikano bagong kakilala ni Rita.
"Where are you going now?"
"I am on my way home."
"And where is your home?"
"Down the riverside," wika ng malaga, at umanyong lalakad.
"Can I go with you?" at sumama ang Amerikano.
"Well," tila alangang pumayag si Rita, at tumingala bago nakasagot.

"If you wish to go, Joe."
"Okay, just call me Bob?"
"Bob?"
"Yeah, and how about you?"
"I am Rita..."
"Thank you..."

Magkasabay nang lumakad ang magkakilala. Nag-uusap sila habang-daan. Marami nang kung anu-ano ang kanilang natutuwag. Mayrong sa nagdaang digmaan, ang kabuktutan na ginawa mga kaaway, at hanggang sa nagdangal na sandaling bumalik ang ating manunubos.

Sa kalahating oras na paglalakad, ay nakarating din sila sa isang maliit na dampa.

Pumanhik sila sa mababang hagdan, sinalubong naman sila ni tandang Sela, ang ina ni Rita.

"Nanay, ito'y si Bob nakilala ko nga sa aking pag-uwi kanina."

"Ah," sagot ng matandang tila nagulat sa bago niyang panauhin. "Umupo kayo, mama," at hinila ang isang lumang upuan.

Naupo naman si Bob at nagpalamat.

"Rita, paano mo natagpuan ang magandang panauhin, tila mukhang maubot, at masuyo," anang matanda bagong pinagmasadan si Bob.

"Binati niya ako ng 'Hello,' at naman, 'Hello' din ang sinasagot ko. Ganyan lamang kami nagkilala inay."

"Aha, gayon lamang?"

"Oo, inay, magaan ang dugo nila kapwa, walang maraming pamamam, iyan ang ugali nila."

"Mabuti, ibang-iba sa ugali natin, ano?"

"Oo inay, talagang iba nga."

"Inaya, magluluto ako ng tsokolate, at puto seko para sa kanya," humamang kay Bob at, "Lalabas suna ako, mama, sandali lamang, at mag-usap na kayo ni Rita."



"Iniuutos ng aking puso na sambahin kita..."

"Ito'y isang pook na lubhang payapa, walang anumang alinlangan, may bukid na inaani ng masisipag na kamay. Halamanang nakatutulong sa pamumuhay ng madia. Iyan, ang tunay na buhay na aking ninanais sa aking kinabukasan."

Ngumiti si Rita.
"Alam mo," patuloy ni Bob, "kay-inam masdan ang paglubog ng araw sa likod ng mataatas na bundok, at tila lalo pang mainam ang pagsiklat ng buwan pagpapit ng gabi. Hindi ba, Rita?"

"Tunay nga, Bob."
Pumasok si tandang Sela.
"Abutin mo ang puto seko, at ang tsokolate, dahan-dahan ka, napakainit Rita. Hala, ihain mo na."

Nagulat si Bob.
"Ano ba 'yan Rita?"
"Kaunting inihanda ko para sa iyo."

"Ow, chocolate and cookies."
"Oo, magbigan mo kanya?"
"Sure."

Busog na busog si Bob. Hindi lamang sa nakain niyang puto seko at tsokolate, kundi sa magandang kalooan din ng mag-ina, kaya nang dumating na ang oras ng pagpapalam ay mabagal siyang humarap sa kanila at ang sabi,

"Rita, I'm sorry, I have to leave now."

"Are you going? So soon?"
"It's time to be in Camp now, but I shall be back some day."

"I shall expect you."
"Thank you, goodbye."
"Goodbye, Bob."
"Bye-Bye, mama."
"Bye-Bye din po."

Sa buong magdamag ng gabing yaon ay kapwa hindi nakatulong ang dalawa. Balisang-balisa si Bob. Iba sa dati ang damdamin ni Rita. Tila nakikita niya si Bob sa gitna ng dilim.

Minsa'y nag-usap sila tungkol sa usapin ng mga puso.
"Rita, ipinagtatapat ko sa iyo, na iniutos ng aking puso na sambahin kita habang-buhay."

(Buklatin sa pahina 14)

Joe... AKO'Y MAGHIHINTAY

Sa atas ng Tadhana, sila'y nagkatagpo. Loobin din kaya ng mga pangyayari na sila'y muling magkakilang?

Tumango at ngumiti ang kinau- mga manok at baboy na alaga ni sap. Rita. Mulj siyang nagsalita sa Nagmasid sa buong paligid si kanyang wika:
Bob. Pinagmasdan niya ang hala- "Kay ganda ng inyong pook manan, ang zariwang bukirin, ang Rita, ibig ko nang lumagi dito, ah."

Employment is not a problem after you graduate from the—

De Luxe Fashion School

Authorized by the Government
DRESSMAKING & HAIR SCIENCE

Free Study of Flowermaking, Fabric Painting & Spanish. Enroll at Dasmariñas and David near People's Bank.

Mail this clipping to De Luxe Fashion School and you will receive a prospectus, free of charge.

—Mataas na Uri!

RICO

★ LAUNDRY SOAP

672 YLAYA

● **Nobela**

(Ika-4 na labas)

MAHIGIT, pa lamang na isang linggong nakapagpapahinga si Fidel ay malaki na ang ipinagbago nito. Nakita ni Ramon na unti-unting bumabalik na ang dating kulay ng kanyang kapatid, nababakas na ang sigla sa mukha nito, at sapul nang makainom ng gamot ay hindi na ginawa at napapawi na rin ang lagnat.

Alinsunod kay Fidel, hindi mga Hapones ang sumupil sa kanila sa Bataan.

"Kamí'y talagang hindi susuko," aniya pa. "Apat na buwang nasaya sa dagundong ng putok at sagitsit ng pulno kaya ang takot sa katayayan ay hindi na namín nakidala. Ang giting sa pakikilaban ng ating mga kawal ay hindi naman nagbago: sila'y mga tunay na bayani. Kahi't na hirap na hirap ay lagi rin silang nakahanda sa pagsunod sa utos, subal't ano na ang magagawa ng isang kawal na walang kinakain kundi dalawang kutsarang nitugaw sa maghapon, bukod sa sila'y may taglay pang sakít? Sakít at gutom! Iyan ang sumupil sa amin sa Bataan."

Gayunman, dahilan sa gutom ay nagtamo ng isang malaking tagumpay ang pangkat ni Fidel.

Noon ay hindi na sila halos makalakat nang mapansin ni Fidel na isang pangkat ng mga Hapones ang humimpil sa makababa ng gulod na kanilang pinagkukutaan. Sapagka't ang ikinikilos na ito ng mga Hapones ay magsasapanganib sa kalagayan ng mga nagtatanggol sa Bataan, kaya tinipon niya ang kanyang mga kawal. Mahigit na dalawampu ang nabiling ni Fidel. Sa mga ito'y sinabi niya: "Kayo'y nagugutom at nalalaman ko kung saan tayo makakakuha ng pagkain." Ipinalwanag niyang ang pagkain ay nasa mga Hapones at upang makuha iyon ay kailangan lumaban sila. Wala namang tumutol sapagka't ang kawikaan, niya'y

"mabuti nang mamatay sa pakikilaban kaya mamatay sa gutom."

Ang paraang ginawa ni Fidel sa paglusob sa mga Hapones ay manginat at matalino.

Nang kumakalat na ang dilim, hinati niya sa apat na pangkat ang kanyang mga kawal. Sila'y pagapan na lumapit sa himpilan ng mga Hapones. Ang isang pangkat ay iniwan niyang paharap sa mga Hapones, at ang mga iba'y guma-



Si Fidel, and gerilyerong kapatid ni Ramon.

pang upang ligiran ang mga kaway. Sa pamamagitan ng hudyat ni Fidel, ang pangkat na nasa harap ng himpilan ng mga Hapones ay nagsimulang magpaputok. Nagsindi sila ng mga rebentador at lumikha ng malaking ingay, upang maniwala ang mga Hapones na marami silang sumasalakay.

Nagkakagulo na ang mga Hapones, nang dumaluhong naman ang mga iba pang pangkat ng kawal ni

Isa Pang BAYANI

Sa Unang Pagkakataon, Ang Gerilyerong Kapatid Ni Ramon Ay Nagbalik Sa Piling Ng Kanyang Mga Mahal Sa Bahay.

Fidel. Putok ng riple at pagsabog ng granadang pagkamay ang ipinaulan nila sa kalaban, at nang saglit na namanubalik ang katahimikan ay nakita ni Fidel na marami silang napatay. Dali-dali niyang ipinahakot ang mga naratnan nilang pagkain, saka sila umalis upang huwag nang abutan ng dating na mga saklolo.

"Paano kang nakatakas nang sumuko na ang Bataan?" naitanong naman ni Ramon.

Ipinalwanag ni Fidel na, nang matunong niyang malapit nang isuko ang Bataan ay hinubad na niya ang kanyang uniforme at nakihalubilo siya sa mga mamamayan kasamang nakulong sa Bataan. Noong kasalukuyang tinitipon nang mga Hapones ang nabihag na kawal Amerikano at Pilipino ay nangahas siyang bumagtas sa kagubatan. Salamat at wala naman siyang nasalubong na isa mang kawal Hapones. Siya'y mapayapang nakasarang sa Orani, at sa bayang ito'y isang mangingisda ang nag-

gild. Malapit nang dumilim nang sila'y umalis.

Ikinukubli ng dilim ng gabi ay ipinagpatuloy ni Fidel ang paglalakad. Sa wakas ay nakasapit siya sa Ginto. Sa bayang ito'y, lumapit siya sa unang tahanan nakita, at nang siya'y pakilala ay tinugon naman siya ng kalinga at tangkilik. Dito siya naparapan ng ilang araw at saka niya ipinagpatuloy ang paglalakad na pauwi sa Maynila.

"Nang patungo na ako rito ay malimit pa akong magdaan sa harap ng mga bantay na Hapones," nakatawa pang dugtong ni Fidel. "Wala naman akong ginagawa kundi, kapag nakita kong ako'y mapaparaan sa isang bantay na Hapones, inaantay ko ang pagdating ng karamihan ng tao, sumasama ako sa mga ito, at matapos kaming kapkapan ay pinalalagpas naman kaming lahat."

"Maiba ako ng salita," mayamaya'y nasabi ni Ramon. "Ngayong lumalakas ka na ay ano ang binabalak mo? Ang ibig kong sabihin ay hindi ka pa sumusuko at samakatuwid ay lumalaban ka pa. Wala ka bang balak na..."

"Ang binabalak ko'y maliwanag kaya ako tumakas," agaw naman ni Fidel. "Ako'y magpapalakas lamang ng kaunti at matapos akong magpahinga ng mga ilang araw ay ipagpapatuloy ko ang pakikilaban."

"Pakikilaban? Nababaliw ka ba, Fidel? Paano kang makakalaban nang nag-iisa?"

"Magkakaroon ako ng mga kapanalig, makikita mo," nagitiwala'y pakli naman ng binata. "Ngayon pa'y mayroon na ang naisip na paraan sa gagawin naming pakikilaban. At kamí'y magtatagumpay, makikita mo."

Magsasalita pa sana si Ramon nang patakpong pumasok sina Berting at Rosa. Pagkakita si (Buklatin sa pahina 10)

Teodorico C. Santos

pahiram sa kanya ng isang maliit na bangka.

Noong siya'y namamaybay-dagat na, isang lantang Hapones ang nakakita sa kanya. Pinaputukan siya nito upang tumigil, subal't lalo naman niyang nalakas ang pagsagwan. Sa ganito'y hinabol siya ng lantasa at pinaulanan ng putok. Upang makaligtas, ang bangka ay dinala niya sa gilid. Malapit na siyang abutan nang bigla niyang itaob ang bangka at saka siya sumisid.

Matagal siyang nangulbi sa sasahan at buhat dito'y pinanood niya ang ginagawa ng mga Hapones. Tingnang mabuti ng mga ito ang nakataob na bangka, at nang kailapa'y wala silang makiting bangka ay sinuyod nilang mabuti ang

For Quality of Tone & Durability

- VIOLIN
- PIANOS
- PORTABLE ORGANS

Music pieces and studies for piano. Opera scores and songs.

JACINTO MUSIC STORE & PIANO SUPPLY INC.

342 San Lazaro

The Home of Quality Pianos

near Rizal Ave.





SI ARSENIA FRANCISCO (nasa bahay), ang maridag na mag-bahay ni Pompeo Padilla, ay maaaklatambal ni Rocio Hobles sa "Talaklib." Si Rocio Lobos ang kangang kasama.

Ang Inyong KABALITAAN

Pitak ni ERIBERTO A. TABLAN

Tatlong hapeanas naninirahan sa labas ng bayan ang nagsitili, kumarimot ng takbo at nangagsi-pagtago nang matanawan ang dalawang GI na nakalulan sa isang sasakyang tagadala ng sandata— isang isang balitang buhat sa Tokyo. *Kung ang ginamit niyo ay isang "jeep" mga kaibigang kano, iba marahil ang nangyari...*

Ang "pinakamatim" na pamilya hang-itim sa buong Pasipiko ay nawasak na—sabi ng *Ang Bayan Akalan* niyong sa wala kataong napikot ay wala ni isang "negro."

Ngayo'y lalong ibig ni Hirohito ang magtanim ng mga pagkain kaysa maglaro ng golp,— pahatid ng Reuters. *Ewan lamang namin kung may kinalaman sa bagay na si Jose P. (magtanim upang mabuhay) Laurel.*

Katakut-takot ang pawid na ipi-

MAY UOD . . .

lusko ng mga bagong dating na palapat sa kanya. Dalawang itim isang puti at dalawang babae.

Patuloy siya sa pagkain Isang babae ang naupo sa mesang na sa kanyang harapan.

Nang maupo na ang babae at alisin ang malaking pangyong nakata sa kanyang ulo, biglang nalanak ang dalawang mata ni Serafin. Parang tumututol ang kanyang pag-iisip.

Ang babae ay abala sa pag-aayos ng kanyang damit. Nang mayayos na niya ang kanyang damit, inilagay ang kanyang dalawang kamay sa ibabaw ng mesa at tumingin sa itim na nasa kanyang kanan. May sinabi sa kanya ang itim. Tumango siya na naka-

nalada sa Okinawa buhat sa Pili-pinan — nakabalita sa *Philippine Press*. *Hindi magtalaan at mag-bubukas kami ng bahay-kalakal na tataatagang Philippine Pawid Exports, Inc.*

Isang nagngangalit na ina ang dumaluhong kay Yamashita, ang Tigre ng Malaya, nang ito'y piliit, ngumit naawat ng mga tanod. —*Manila Times*. *Sinasabi na ng naging 'estorbo' lamang ang mga tanod, kung nagkarit na daig pa ng 'tigre' ang nagharakiri.*

Mga damit na ang halaga'y umabot sa P300, and nawala sa kulahan ni Feliza Mercado ng 151 Francisco, nonng Todo los Santos. —*Ulat ng Pulisya*—*Baka naman kinabuluwa lamang ng mga bangkay sa sementeryo na kinabuluwaan din ang kanikanilang damit at ngayo'y nangagiginaw...*

(Karugtong ng nasa pah. 6)

ngiti. Nang ilpat niya ang kanyang mata sa itim na nasa kanyang kaliwa ay nadsanaan ng kanyang masid si Serafin. Napatigil kay Serafin ang kanyang mga mata. Nagkaabot ang kanilang mga paningin.

Nangiti ang babae. Si Serafin ay hindi ngumiti. Naramdaman niyang sumalak ang dugo sa kanyang ulo. Sinungaling, ang wika niya. Ang dalawang bagang niya ay ibig na magtagis.

Hinanap ang babaeng nagbigay sa kanya ng ice cream. Nang magtagpo ang kanilang mga mata ti-nanguan niya ito. Tumindag ang babae at lumapit sa kanya.

"Bigyan mo ako ng whiskey," ang wika ni Serafin. "Malaking bote ang ibig ko."—(30)

BUHAY O PATAY . . .

(Karugtong ng nasa pah. 5)

nila, si Ester ay pinatubuyan ng Diyos ngayon din ang kanyang sanggol. Sa konting kaalaman ng kanilang mga magulang at sa tulog ng hindi kilalang nars ay may isang oras din ang kinailangan upang mapabalik ang buhay ng bata, na pinangangalang Antonio Gomez.

Hindi lamang gayon ang hirap na dinasan ni Ester. Pagkarana ng ilang araw ay nagpatuloy sila ng paglakad sa gitna ng bukid na walang kabahay-bahay. Siyam na araw at siyam na gabi silang narsa nilang na ulan. Sa huling Baryo nilang sinapat at sa unang bahay nilang natuluyan ay dinatnan nilang ang lahat ay maysakit na Malarya.

Maging si Ester ay nagkasakit din, ngumit ang kanyang anak, ó ang maliit na si Antonio ay hindi. Sa baryong iyon na hindi matandaan ni Ester ang pagalan ay nakatagpo sila ng kapanatagan.

Noong ika-4 ng Hulyo ng taong ito, dumating sila ng Maynila. Una silang nanirahan sa daang Alejandro IV, Sampalok at niyong hulyo sa 686 Cabrera, Pasyo, sa dating bahay ng kanyang ina.

Ngayon, si Ester Magalona, sa kabila ng lahat ng mga pangyayaring binabanggit sa lathalang ito, ay payapang nabubuhay sa piling ng kanyang anak, ng kanyang si Dolly Gomez at ng kanilang mga kahangganan. Ayon sa kanya'y maasari siyang bumalik sa pelikula kuag payapag si Dolly ang mahal na kabayk ng puso.

Masarap na Pampataba at Pampalakas!

D-C CALCIUM

Ang baw't kutsara ay may Bitamina C at Calcium Gluconate na mabuti sa nanghina, may Tisis, Disenterya, Tipus, Malarya. Sa mga bata ang matamis na tonikong ito ay nagpapalaki at sila'y nakaiwas sa mga sakit na "Scurvy" at "Rickets"

Bumili Sa Mga Botica

LEXAL LABORATORIES
1121-1123 Rizal Avenue

HANAPIN ANG—

PALS

* POMADA SA BUHOK
* AT
* PULBOS SA MUKHA

CHOAN HUAT POMADE FACTORY
MANUFACTURER IMPORTER

460-462 JUAN LUNA

MANILA, P. I.

• **Sanaysay**

ETO HO ANG BAYAD

NI
TEO S. BAYLEN

Isang masayang paglalalahad na may kinalaman sa isang ugaling mabuti naman nguni't kung magkaminsa'y hindi mabuti.

MARIKIT nga sanang malasin at tile nagmumuniy ng majinam na pag-ugali at kalakhan ng mga puso ang pagmagandang-loob ng magkakasama sa isang sasakyan. Ang tinutukoy dito'y ahg pagbabayad sa sasakyan ng isa para sa ilan o para sa lahat kung nagkakasabay-sabay ang magkakaibigan o mga hindi pag-iiba.

Ang tangapan ng Pamahalaan Lunsod na pinasapukan ng sumulat nito ay may dalawang kilometro ang layo mula sa kanila at ang bayaran sa karitela hanggang doon ay tatulumpung sentimos isang tao. Sa mga karitelang pangumaga na nagmumula sa kanyang nayon ay malimit na magkasunungo silang magkakanayan—mga mag-iisang tungo sa pamilyang-umabok, *mag mabuti* sa pagawan ng hukbong dagat, at mga ilang kanayon niyang nanasok din sa iba't ibang tangapan ng pamahalaan.

Nang unang araw ng kanyang paglilingkod sa pamahalaan ay nakasakay niya sa karitela ang isang niyung tiyahin, ang kanyang ino ang kanyang ninang at ang kanyang kumare na ang mga ito'y pang mamamakyaw ng isda na araw-araw ay yao't dito sa pamilyan, bagama't di laging nagkakaibay-sabay. Pagdating sa tapang ng palengke nang umagang iyon ay nakita na lamang niyang ang apat na babang nanaog ay nag-umabang dumokot at nag-agawan sa pagbabayad. "Eto ho ang bayad naming lima." "To na ang suklian ninyo." "Hamo na at may barya nito."

Anupa't para-para silang naglak ng bayad para sa lahat. Hindi't uloy malaman ng matandang kutsero kung alin ang asabutin.

Kami na naniwan sa loob ng karitela ay tile naman napahiya sa nakasahing iyon. Hindi niya akalaging pati siya na hindi naman mananaog dito kungdi sa dako pa

roon, ay makasama sa biglaang pagbabayad na iyon, palibhasa'y hindi niya wani ang "papasan" sa mga kasama (di naman sa karamatan, talagang ugali na niya ito) sa mga sasakyan, dulaan o saan man, kung nakatiwas din lamang, kaya dali-dali siyang dumokot ng dalawang pijiisuhin at nakipag-unahan na rin sa pag-aalok ng bayad ukol sa kanilang lima. Nguni, huli na silang lahat. Lalong mabilis kay sa kanila ang kanyang kumare. Hiyang hiya siya sa nangyari.

Nang umagang iyon ay nasok siya sa tangangpang taglay niya ang bantang "gaganti" siya sa kanila balang araw. King sa bagay ay tile hindi masama ang nangyaring iyon. Nakapagtipid siya ng bahagya sa kanyang laang-ugul sa sasakyan. Nakakuha siya ng pang "camels."

Nguni't ano bang pagtipid? Nang hapon nga palang iyon nang siya'y pauni na ay dalawa namang kanayon niyang naglilingkod din sa iba naman tangapan ng pamahalaan ang nakagumang niya sa isang kontsa. Dito'y may katanasan ng kaunti ang bayad kay sa karitela. Manalapi isang tao Pagpapanaugan nila ay hindi na siya nagmabagal. Baka manahan na naman siyang tulad kang nangyung umaga. "Ako ang taya," ang wika niya sabay abot sa kutsero ang dalawang mamisong papel sa gitna ng pakikipag-unahan ng dalawa niyang kanayon. Nang ibalik niya ang sukli (salamat at

may barya ang kutsero, kundi wala ay napa-todo ang dalawang pisol) ay napuna niyang may "ipinangyayat" din ang kanyang kalupi.

Nang sumund na umaga ay nanaua siyang dumating at umakyat sa naghihintay na karitela ng kutserong siki. Di naman nalaon at humahagibis na dumating iyon ding apat na digatona na nakasakli niya kahapon, na nagmula sa natatanawang barahan ng mga pamandawan, sa dalampasigan Nang maipaano na ng kanyang ninang ang bilao ng isda gayon din ng kayang tiya ang bilao nito sa likuran ng karitela at nang mailapag na ng kanyang kumare at ng kanyang ino ang kani-kani-lang mga pangnan ng hipon at alimasag sa pisikante, ay sumundunod na nagsi-akyat sa sasakyan ang apat na mamamakyaw. Sa likuran niya ay nalingunan niyang papalag-palag pa ang mga buhay na lapu-lapu. Sa harapan ay nakita niyang luluku-luko ang mga buhay na suwahe. Ang galamay ng isang malaking pigita ay hindi marawat na may-ari sa pagpupumilit na makapahabaw sa pangnan. Sa isa pang pangnan ay nakita niyang nakagapas ng dilham ang matipunong mga sipi ng isang malaking alimango. Nagbubula ang mga bibig ng ma alimang.

Hinaltak ng matanda ang riya. Naphahilig silang lahat nang biglang batakin ng kabayo ang sasakyan. Nagpasimulang tu-



Si PAT MIJARES ay namamahing ngayon pagkatapos ng sumundunod na ta napanay sa paglalar sa "ALBONIA", y siya na uming kataliwaan si Jose Maria tin. Ang kasama niya na larawan ay si Rodolfo Ruiz.

makbo ang hinagupit na hayop Nguni, nang malayu-layu na'y isang paswit ang narinig nila sa likuran. Nang lingunin niya, ang kanyang kapit-bahay ang tumatawag. Huminto ang sasakyan. "Saan ang tungo mo?" tanong ng kutsero. "Sa Siti Hol ho. Tutubos ako ng sedula" at nanibk ang dumating.

"Lilingun-lingunin mo nga ibe ang bilao ko ng isda riyon" wika ng kanyang ninang.

Habang tumatambo ang karitela'y narinig niyang ibinabalita ng kutserong siki ang pagbabago at pagtas ng taripa ng sasakyan ngayon. Dahil sa mahal pa rin ang pagkain ng kabayo ay pinagkasundon daw sa pulong ng mga kutsero at pinagtibay naman ng ronseho na hatin ibang Unsoad sa mga sora. ... Buhat sa kanilang nayon hanggang sa pamilyan ay may dalawang sora. Kaya ang magiging halaga ng bayaran ngayon ay apat na pung sentimos isang tao.

Ang balitang ito ay naging ma kahulagan sa kanyang pandinig Apatnapung sentimo isang tao. Anim sila roon, samakatuwid ay dalawang piso at apat na pung (Buklatin sa pahina 16)

GLO-CO

★★★★★
HOLLYWOOD

★★★★★
PRODUCTS

available at all stores:

- * GLO-CO HOLLYWOOD FACE CREAM
- * GLO-CO HOLLYWOOD BRILLANTINE

CROMWELL COSMETIC EXPORT CO.

Manufacturers: LOS ANGELES, CALIFORNIA
Distributors: Manila Office — Villongo Bldg.

Glo-Co carry the finest ingredients that have made these products pre-war favorites... Still better today, they come from America's finest.



SI LUCITA COYENA (maga namimuhay) ay hinas at maligayang mamamuhay sa pilaga ng kasaysayan ng anak sa Pagan, ang walakid na si Letty Perez.

Babalik si Angelito

Ang kapala'y tanging artistang batang lalaki noong bago magkaidigma, si Angelito Nepomuceno, ay inapapanod uli ng kanyang mga tagahanga sa mga daratong na araw ngunit ngayon ay isa na siyang binata. Si Angelito ay gagagan ng isang mahalagang papel sa "Dugong Bayani," may kinalaman din sa mga kilusang-gerilya noong panahon ng mga Jap.

Binatang-binata na ngayon si Angelito at ang kanyang personalidad (maging sa pelikula), ay hindi nabawasan ng pang-akit kundi bagkus pa nga'y naragdagan pa. Gaya ng batang-bituin sa pelikula ng Hollywood, Freddie Bartholomew, si Angelito ay hindi ganong nagbago.

Malamang na ang itambal sa kanya ay si Tita Duran—ang dalinding noong araw na malimit ni-



IBINABALITA ni Billy (Shoot). Vizcerra kay Amelia Sol, ang mga "hirap at sulit" na mga mamamuhay sila sa kasaysayan ng Kagaynan, noong bago pinalabas ang mga Kano.

